# Katutubong Kababaihan para sa Makatao at Makakalikasang Lipunan

Pandaigdigang Araw ng Kababaihan 2025

---

Ngayong Marso ay muli nating ipinagdiriwang ang Buwan ng Kababaihan, at ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan. Sa gitna ng mga hamon sa pang araw araw na buhay at sa maraming krisis na kinakaharap, ay nananatili tayong matatag at matibay upang magpatuloy.

Sa buwan na ito ay ating ipagdiwang ang lahat ng kababaihang patuloy ang pakikibaka sa pagsusulong ng ating mga karapatan at patuloy na naggigiit ng ating espasyo sa lahat ng antas ng lipunan. Atin ding gunitain ang mga kababaihang nagbuwis ng buhay para sa mga karapatang ating tinatamasa sa kasalukuyan.

Sa gitna ng maraming hamon, nananatili ang pakikibaka ng mga katutubong kababaihan para sa kalikasan, sa pagkain, sa lupaing ninuno, at sa ating mga karapatan.

Sa ilalim ng administrasyong Marcos-Duterte, muling lumakas ang mga mapanirang minahan. Dumagsa ang mga mining applications, at naging agresibo ang pagpapapasok sa mga ito sa mga komunidad ng mga katutubo. Ibinubukas din ang pagpapabilis ng proseso ng aplikasyon ng mga minahan na maaaring maging sanhi ng mas marami pang pang-aabuso sa pagkuha ng lehitimong Free, Prior, and Informed Consent mula sa mga katutubong komunidad.

Ang pagkakakilanlan ng katutubong kababaihan ay naka-ugat sa lupa, at kalikasan. Ang pagkasira ng kalikasan, ay pagkasira din ng katutubong pagkakakilanlan.

Ang katutubong kababaihan ay tagapaglikha ng pagkain. Ngunit sa panahon ng mga sakuna at disaster, sila ang isa sa pinaka bulnerable dahil liban sa sila rin ay inaasahang magbigay ng pagkain sa kanilang pamilya ay nakakaranas ng diskriminasyon, karahasan, at kawalan ng akses sa ayuda at serbisyo.

Ang sabwatan ng mga korporasyon at ng pamahalaan na pinangungunahan ng mga negosyanteng ang interes ay pansarili, lubos na nagpapahirap sa kalagayan ng mga katutubo higit lalo sa katutubong kababaihan. Ang patuloy na pag-iral ng kapangyarihan ng mga political dynasties, mga negosyo, at kaunlaran para sa iilan ay nag-aambag sa lumalalang krisis at korapsyon sa Pilipinas na hadlang para sa

pagkamit ng progresibong pagsasakatuparan ng mga karapatang panlipunan at pang-ekonomiya ng mga katutubong kababaihan at ng mamamayang Pilipino.

Sa gitna nito, patuloy ang pagdepensa ng mga katutubong kababaihan sa mga lehitimong isyu na kinakaharap sa mga komunidad. Ngunit kadalasan sila ay nakakaranas ng karahasan, red-tagging, pananakot, at samu't saring pag-atake hindi lamang sa sarili kung hindi pati sa kanilang mga pamilya. Nananatiling pinaka-delikadong bansa para sa mga land and environmental defenders ang Pilipinas.

Ang LILAK, bilang isang kolektibo ng mga kababaihan ay patuloy na nakikiisa, nakikipag kapit bisig kasama ang mga katutubong kababaihan sa iba't ibang komunidad sa Pilipinas. Ngayong Marso 2025, ating ipakita ang ating pwersa, at ating iparinig ang ating mga tinig. Maningil sa mga pangakong napako at sa mga obligasyong dapat na ipinapatupad. Panagutin ang mga lumabag sa karapatang pantao, at panagutin ang mga korap.

Sabay tayong mangarap at patuloy na kumilos na balang araw ay makakamit din natin ang isang bukas na malaya mula sa diskriminasyon, karahasan, pang-aapi, at pagkagapos mula sa mga struktura ng patriyarka.